Amnesty International Philippines

TIBAKPACK

Bagong Edisyon

AMNESTY INTERNATIONAL

Amnesty International Philippines
TIBAKPACK
Bagong Edisyon
ISBN 978-971-9021-10-0
Copyright @ 2009

Amnesty International Philippines

AMNESTY INTERNATIONAL

TIBAKPACK

Bagong Edisyon

Malugod ka naming tinatanggap sa **Amnesty International Philippines**! Maraming salamat sa iyong pagtindig para sa karapatang pantao.

Sa iyong pagsali, makakatulong ka upang maisakatuparan ang pangako ng karapatang pantao para sa lahat.

Isinulat ang **AIPh TIBAKPACK (Activist Pack)** upang ipaliwanag ang mga gawain ng **Amnesty International** at kung paano makakalahok ang mga karaniwang tao sa pagtataguyod ng mga karapatan.

Maari mong ibahagi ang babasahing ito sa iba pang indibidwal na interesado sa gawain ng **Amnesty International** upang higit pang maipalaganap ang misyon ng AI.

Aurora A. Parong

Aurora Corazon A. Parong M.D.
Direktor ng Seksyon

MAGING AKTIBISTA PARA SA KARAPATANG PANTAO!
SUPORTAHAN ANG AMNESTY INTERNATIONAL

AIPh TIBAKPACK

Sa loob ng iyong TIBAKPACK

1	Ang AMNESTY INTERNATIONAL
	Mithiin at Misyon
2	Mga PAGPAPAHALAGA ng AI
3	Ang SIMULA ng AI
	Mga PROGRAMA ng AIPh
4	Mga Kampanya
10	Edukasyon para sa Karapatang Pantao
11	Kalinangan ng mga Kasapi
12	Media at Komunikasyon
13	Publikasyon
14	Mga Tema ng Kampanya

Nilalaman

Amnesty International

Ang **AMNESTY INTERNATIONAL (AI)** ay isang pandaigdigang organisasyon ng mga aktibistang kumikilos para sa karapatan pantao. Ito ay grupo ng mga boluntaryong aktibista na nagbibigay ng kanilang panahon at lakas para sa mga biktima ng paglabag sa karapatang pantao. Pinagtutuunan ng **AI** ang makipagtulungan at magtaguyod ng proteksyon sa karapatang pantao para sa lahat.

Ang **AI** ay isang organisasyong nangangampanya para sa karapatang pantao. Ito ay nagsasaliksik, nagdudokumento at nag-uulat ng mga pang-aabuso. Nagiging daan din ito para sa karaniwang tao na makapagsalita at magprotesta para sa mga biktima ng paglabag sa karapatang pantao.

Demokratiko at may sariling pamamahala ang **AI**. Ito ay may mahigit 2.2 milyong kasapi at tagapagtaguyod sa mahigit 150 bansa sa buong mundo. Ang kalakhang pondo ng **AI** ay mula sa mga kontribusyon ng mga kasapi at donasyon ng publiko.

Mithiin at Misyon

Mithiin ng **Amnesty International** ang isang mundo kung saan tinatamasa ng bawat tao ang lahat ng karapatang pantao na nakatakda sa **Universal Declaration of Human Rights (UDHR)** at sa iba pang internasyunal na pamantayan. Tungo sa katuparan ng mithiing ito, misyon ng **AI** na magsagawa ng mga pagsasaliksik at pagkilos upang maiwasan at tuluyang mawakasan ang mga pang-aabuso sa karapatang pantao.

Amnesty International

Amnesty International

Mga Pagpapahalaga ng AI

Internasyunal na pagkakaisa
Tayo man ay nagmula sa iba't-ibang kultura at karanasan, tayo ay may iisa pa ring mensahe ng pagkakaisa

Epektibong pagkilos para sa indibidwal na biktima
Kumikilos tayo para sa mga indibidwal; nasa puso ng pagkilos na ito ang kanilang mga mukha, pangalan at kwento.

Pandaigdigang saklaw
Kumikilos tayo para sa lahat ng uri ng biktima ng pang-aabuso, sa ilalim ng anumang uri ng pamahalaan saanman sa mundo, sinusundan man ng media ang kanilang kaso o tuluyan ng nakalimutan sa mga sulok ng bilangguan.

Ang karapatang pantao ay pandaigdigan at di-nahahati
Tayo ay nangangakong magbibigay proteksyon sa lahat ng karapatang pantao para sa lahat ng indibidwal saanman sa mundo, anumang kultura nito.

Walang kinikilingan at may kasarinlan
Tayo ay walang sinusuportahan o tinututulang uri ng pamahalaan. Tayo ay may kasarinlan mula sa anumang sistemang pulitikal. Tayo ay hindi sumusuporta o tumututol sa personal na pananaw ng mga indibidwal na biktima na ating tinutulungan.

Demokrasya at respeto sa isa't-isa
Demokratiko ang ating kilusan at may pananagutan sa mga kasapi nito. Sumasang-ayon tayo sa demokratikong prinsipyo at respeto sa kakayanan ng bawat isa.

Ang Simula ng AI

Inilunsad ang **Amnesty International** noong **1961** sa isang lathalain ni **Peter Benenson** sa pahayagang **The Observer**. Si Benenson ay isang abogadong Briton na nanawagan upang simulan ang mapayapa at walang kinikilingang pagkilos para sa kalayaan ng libu-libong tao sa buong daigdig na nakakulong dahil lamang sa kanilang pulitikal na paniniwala o pananampalataya. Mabilis na kumikilos ang **AI** bilang pinakamalaking boluntaryong organisasyon para sa karapatang pantao.

Amnesty International Philippines

Nagsimulang magkaroon ng mga kasapi ang **AI** sa Pilipinas noong dekada '80. Pormal na kinilala ang **Amnesty International Philippines (AIPh)** bilang isang seksyon noong **1987**.

Matagumpay itong nangampanya, kumilos at nagsagawa ng mga proyekto kasama ang iba't-ibang sektor, ahensya ng pamahalaan, non-government organizations at mga koalisyon.

Kampanya

Pandaigdig na Kampanya

Ang **Pandaigdig na Kampanya** ay kinapapalooban ng mga malalaking isyu o usapin tungkol sa karapatang pantao. Ito ay isinasagawa sa loob ng anim na taon o higit pa upang makamit ang minimithing pagbabago sa lipunan. Ang mga kampanyang ito ay binubuo ng mga serye ng mga proyekto na tumatakbo sa loob ng isang taon kung saan may tiyak na layunin at paraan ng pagkilos. Isang halimbawa ay ang Pandaigdig na Kampanya Laban sa Karahasan sa mga Kababaihan na inilunsad noong 2004. Sa ilalim nito, nagkaroon ng mga proyekto katulad ng Katarungan para sa mga "Comfort Women", Ligtas na Paaralan para sa Batang Babae atbp.

Pandaigdigan ang kampanya ng **AI** sa mga isyung nagdudulot ng pandaigdig na suliranin sa madaming lipunan sa mundo. Gayundin, pandaigdig na solusyon at pagkilos ang kailangan upang magkaroon ng panlipunang pagbabago. Kaya naman isang mahabang pandaigdigang kampanya ang isinasagawa ng **AI** kung saan iba't-ibang uri ng pinagbuklod-buklod na istratehiya ang ginagamit upang makakilos ang mas maraming bilang ng mga tao saanman sa mundo.

Pampaksang Kampanya

Ang **Pampaksang Kampanya** ay maliliit na kampanya na isinasagawa upang makamit ang mga layunin ng **AI** para sa karapatang pantao. Maari itong nasa pandaigdigan, pang-rehiyon o pambansang antas ng pangangampanya.

Pangkrisis o Taktikang Kampanya

Ang **Pangkrisis o Taktikang Kampanya** ay isinasagawa ng **AI** bilang agarang pag-responde sa mga biglaang krisis na may tuwirang epekto sa karapatang pantao. Ito ay tumatagal ng 3 hanggang 12 buwan. Tinawag itong taktikang kampanya dahil bagama't hindi ito sumasailalim sa iba pang gawain ng **AI** ayon sa mga istratehikong plano, binibigyan naman nito ng pagkakataon na makakilos ang **AI** sa labas ng sinasaklawan ng mga Pandaigdig na Kampanya.

Isang talaan ng mga nanganganib na bansa na maaring magkaroon ng krisis ang ipinapaikot ng **AI** tuwing apat na buwan. Isang halimbawa ng Pang-Krisis o Taktikang Kampanya ay ang Kampanya Laban sa Tortyur na isinagawa ng maraming seksyon ng **AI**.

Pagkilos Para sa Indibidwal na Biktima

Tuwirang Apila sa pamamagitan ng Liham

Umusbong ang AI mula sa isang grupo ng mga tao na nangangampanya para sa mga karapatan ng iba sa pamamagitan ng liham. Nananatiling mahalaga para sa AI ang pagpapadala ng mga apila sa mga awtoridad at sa may pananagutan sa mga paglabag sa karapatang pantao sa ganitong pamamaraan.



Nananaliksik ang AI ng mga impormasyon tungkol sa mga indibidwal na kasong nangangailangan ng tuwirang apila. Kasama sa impormasyong kinakalap ng AI ang lahat ng detalye tungkol sa mga awtoridad na dapat padalhan ng liham. Sa pamamagitan ng mga kasapi ng AI, napapalaganap ang mga kaso ng paglabag sa karapatan ng indibidwal na biktima. Maaaring sumali ang sinuman, maging mga indibidwal na hindi kasapi ng AI, sa pagkilos sa pamamagitan ng pagsusulat ng liham.

Ang mga apila ay maaring tawaging **Agarang Pagkilos**, kung saan kailangan ng biktima ang kagyat na tulong sa loob lamang ng ilang araw upang maiwasan o mapigilan ang pagkakakulong, pagtotortyur o pagkakabitay o upang agarang maibigay ang mga pangangailangang medikal ng mga nakapiit. Tatlumpung taon nang isinasagawa ng **AI** ang ganitong uri ng pagkilos kung saan may 350 kaso kada taon ang nailalathala at 100,000 tao ang sumusulat ng apila mula sa 70 bansa.

Ang **Pandaigdigang Apila** naman ay nauukol sa mga kasong kailangan ng isang mataas na antas ng publisidad at maaring aksyunan ng mga seksyon ng **AI** saanman sa mundo, hindi lamang sa pamamagitan ng liham kundi pati na rin sa paghingi ng mga lagda mula sa publiko bilang suporta sa kaso.

Pagkilos para sa Ibang Bansa

Ang **Pagkilos para sa Ibang Bansa** o Country Action Programs ay isinasagawa para sa isang piling grupo ng mga nanganganib na bansa. Magkakaiba ang maaaaring maging tema ng proyekto sa magkakaibang bansa depende sa kinakaharap nitong krisis sa karapatang pantao. Ang programang ito ay kinapapalooban ng magkakatulad na proyekto ng mga sekyon ng AI para sa isang bansa o rehiyon. May 19 na bansa na kasama sa piling grupo para sa programang ito:

Aprika:
Congo, Nigeria, Sudan, Zimbabwe

Amerika:
Brazil, Colombia, Mexico, Estados Unidos

Asya at Pasipiko:
Afghanistan, China, India, Indonesia

Europa at Gitnang Asya:
Balkans, European Union, Russia, Turkey

Gitnang Silangan at Hilagang Aprika:
Iraq, Israel/Occupied Territories/Palestinian Authority

Tagapagtanggol ng Karapatang Pantao

Naniniwala ang **AI** na ang pakikipagtulungan sa mga **Tagapagtanggol ng Karapatang Pantao**, upang makamit ang isang lipunan kung saan ligtas at malayang nagagawa ng isang indibidwal ang kanyang aktibismo, ay isang paraan upang maprotektahan at maitaguyod ang karapatang pantao para sa lahat.

Ang **Amnesty International** ay:

- nakikipagtulungan sa mga **Tagapagtanggol ng Karapatang Pantao** mula sa lahat ng uri ng sektor ng lipunan sa pamamagitan ng pagbubuo ng mga koalisyon, kalinangan at bisibilidad para sa mga kababaihan
- nagpupugay sa kontribusyon ng mga **Tagapagtanggol ng Karapatang Pantao** para sa panlipunang seguridad
- nagtataguyod ng proteksyon at seguridad ng mga **Tagapagtanggol ng Karapatang Pantao** at sumasalungat sa maling gamit ng hustisya bilang pag-uusig sa kanila
- nagpapalawak at nagpapalalim sa paggamit ng **Deklarasyon Para sa mga Tagapagtanggol ng Karapatang Pantao** at sumusuporta sa kapulungan ng mga Bansang Nagkakaisa sa mga pang-rehiyong proteksyon at mekanismo nito

Edukasyon sa Karapatang Pantao

Ang **Edukasyon sa Karapatang Pantao** ay ang pagbibigay ng kaalaman hinggil sa mga karapatang pantao upang maiwasan ang paglaganap ng mga pang-aabuso dito. Pinayayabong nito ang kamalayan at pag-unawa sa nasasaklawan ng Karapatang Pantao. Ibinibigay nito ang kinakailangang kaalaman upang malinang ang asal, kagawian at kasanayan ukol sa pagtataguyod ng Karapatang Pantao. Pinalalakas ng **Edukasyon sa Karapatang Pantao** ang mga pagkilos at kampanya ng **AI**. Lumilikha din ito ng pagkakataon para sa dayalogo upang mahikayat ang panlipunang pagbabago at maisabuhay ang prinsipyo ng Karapatang Pantao. Ang **Edukasyon sa Karapatang Pantao** ay isa sa pinakamahalagang bahagi ng pagkilos ng **AI**. Hindi lamang ito paraan upang maituro ang Karapatang Pantao, ito ay isang Karapatan.

Napatunayan na ng **AIPh** ang kakayahan nito sa **Edukasyon sa Karapatang Pantao** sa pamamagitan ng Education for Freedom (1991-1995), International Youth Festivals (1996-1997) at Youth Summit for

Kalinangan ng mga Kasapi

Ang programang ito ang namamahala sa gawain ng **AI** na sadyang nilikha para sa mga kasapi nito. Pinangangalagaan nito ang mga kasapi sa pamamagitan ng iba't-ibang paraan upang masuportahan ang kanilang aktibismo. Sa ilalim ng programang ito nakatalaga ang pagmomobilisa ng mga kasapi para sa mga kampanya. Dito din nililinang ang aktibismo ng kasapian ng **AI** upang makamit ang minimithing layunin ng kilusan para sa karapatang pantao sa loob at labas ng bansa.

Upang mas mapatibay ang aktibismo ng **AI** sa mga usapin tungkol sa karapatang pantao, kasalukuyang itinatatag ang mga **Sentro ng Aktibismo** sa mga piling lugar sa mga rehiyon.Layunin nito na mas palakasin ang pagmomobilisa ng mga kasapi at taga-suporta upang mas lalo pang malokalisa ang aktibismo para sa karapatang pantao. Nakasalalay ang tagumpay ng mga **Sentro ng Aktibismo** sa mga kasapi ng **AI** na boluntaryong nagbibigay ng kanilang oras at kakayanan para sa simulaing ito.

Media at Komunikasyon

Ang **Programa para sa Media at Komunikasyon** ang nangangasiwa sa panloob at panlabas na komunikasyon ng **AI**. Sa ilalim nito ang mga sumusunod na sangay:

Media at Audio Visual

Media at Audiovisual ang namamahala sa publisidad ng mga kampanya at isyu ng **AI**. Ito rin ang nagsusulat at naglalathala ng mga balita tungkol sa iba't-ibang usapin sa Karapatang Pantao ayon sa paninindigan ng kilusan. Sa ilalim din nito ginagawa ang mga produksyon ng mga materyales tulad ng mga maiikling video tungkol sa mga kampanya ng **AI** pati ang pagdodokumento ng mga gawain nito.

Internet at E-communication

Ito ang namamahala sa website ng **AI**. Dito nililinang ang iba't-ibang paraan upang mahikayat na lumahok ang mas madaming bilang ng indibidwal sa **AI** sa pamamagitan ng e-mail, blog at iba pang makabagong teknolohiya. Muling inilunsad ang website ng **AIPh**, ang **www.amnesty.org.ph**, noong 2008.

Publikasyon

Ang **Programa sa Publikasyon** ang namamahala sa produksyon ng iba't-ibang babasahin o lathalain at promosyunal na materyales ng **AI** na maaring ipamahagi sa mga kasapi nito o sa pangkalahatang populasyon bilang pagpapakilala o pagpapalalim sa mga ikinakampanyang isyu o kaso ng **AI**. Sa ilalim nito din, nailalathala ang opisyal na pahayagan ng **AIPh**, ang **campAIgn**. Dito naisasalin sa mga lokal na linguwahe tulad ng Tagalog, Ilokano at Cebuano ang mga publikasyon ng **AI** mula sa orihinal na akdang Ingles. Kasama din dito ang disenyo, editoryal at paglilimbag ng mga materyales.

Mga Tema

Ang mga kampanya ng **Amnesty International** sa iba't-ibang isyu ay nahahati sa mga sumusunod na tema na tumutugon sa mithiin at misyon ng kilusan.

Hustisya

Ang solusyon sa mga pang-aabusong naidodokumento ng **AI** tulad ng di-makatarungang paglilitis, tortyur at di makataong pagtrato sa mga bilanggong pulitikal ay ang pantay at epektibong pamamahala ng hustisya.

Parusang Bitay

Ang parusang bitay ang pinakamalupit at pinaka-di-makataong uri ng pagpaparusa at nilalabag nito ang pinakapayak na karapatan sa buhay. Di na muling maibabalik ang buhay ng napatawan ng kaparusahang ito at maari ring maihatol sa walang sala. Wala ring patunay na mas epektibo nitong napipigilan ang pagsagawa ng krimen.

Tagapagtanggol ng Karapatang Pantao

Ang **AI** ay kumikilos upang masigurong ligtas sa kapahamakan at malayang nakakakilos ang mga tagapagtanggol ng karapatang pantao.

Pakikidigma laban sa terorismo

Malaki ang inaasahan mula sa **AI** sa usaping pandaigdig na pakikidigma laban sa terorismo at kung ano ang magagawa ng kilusan upang mabantayan ang mga epekto nito. Ito ay isang malaking hamon na hinaharap ng **AI**.

Diskriminasyon

Iba't-ibang uri ng tao ang sumasailalim sa iba't-ibang uri ng diskriminasyon dahil lamang sa kanilang lahi, kulay, kasarian, lengguwahe, pulitikal na paniniwala, nasyunalidad, antas sa lipunan, yaman o pag-aari.

Internasyunal na Batas at Organisasyon

Ang **AI** ay nagkakampanya upang masigurong ang mga internasyunal na pamantayan at batas ay nasusunod at iginagalang. Katrabaho at kaisa ang **AI** ng mga internasyunal na organisasyong naniniguro ng pagtatanggol at pagpapalaganap ng karapatang pantao upang mapabilang ito sa mga mahalagang bahagi ng internayunal na pakikipag-ugnayan.

Mga Tema

Karapatang pang-ekonomiya, panlipunan at kultural

Kinakailangang pantay ang pagpapahalaga sa mga karapatang pang-ekonomiya, panlipunan at kultural sa mga karapatang pansibil at pulitikal. Ang karapatang mabuhay ng may dignidad ay di lubusang makakamit kung ang mga karapatan sa kalusugan, pagkain, tirahan, edukasyon at kabuhayan ay di nabibigyang pansin. Ang pagpapalaganap sa mga karapatang ito bilang mga karapatang pantao ay isa sa mga prayoridad ng **AI**.

Karahasan laban sa Kababaihan

Bagama't ang karahasan laban sa mga kababaihan ay isa sa mga pinaka-laganap sa lahat ng mga uri ng pang-aabuso sa karapatang pantao, isa rin ito sa mga pinakatinatago at di-binibigyan ng pansin. Ang mga kababaihan ay nakararanas ng diskriminasyon at pang-aabuso mula mismo sa estado, komunidad o mga kapamilya.

Armadong Labanan

Ang **AI** ay kumikilos upang maisapubliko ang mga karahasan at pang-aabuso na nagaganap sa mga armadong labanan o digmaan. Nangangampanya din ang **AI** para sa pagkontrol sa kalakalan ng mga armas at pagsasamantala sa mga likas na yaman na higit na nagpapaigting sa mga kaguluhang ito.

Kalakalan sa serbisyong pang-militar, panseguridad at pang-kapulisan

Maraming natuklasang katibayan ng kalakalan sa mga serbisyo at kagamitang pang-militar, panseguridad at pang-kapulisan na siyang nagpapalala sa paglaganap ng mga pang-aabuso sa karapatang pantao gaya ng tortyur, di-makataong pagpaparusa at pulitikal na pagpatay.

Sumali sa AIPh

☐ Nais kong sumali sa Amnesty International Philippines
☐ Nais kong magpatuloy/muling sumali sa Amnesty International Philippines

Personal na Impormasyon:

Pangalan:..... Palayaw .....

Adres: .....

..... ZIP code: .....

Kapanganakan:..... Edad: .....

Kasarian: .....

Telepono: ..... Cellphone: .....

E-mail:.....

Lagda:.....

Imposmasyon sa Paaralan o Trabaho:

Pangalan ng Paaralan o Kumpanya: .....

Trabaho sa Kumpanya: .....

Adres ng Paaralan o Kumpanya:.....

..... ZIP code: ..... Telepono:.....

Sumali sa AIPh

Taunang Membership Fee

- ☐ Php 500 Buwanang sahod ay mataas sa PhP18,000
- ☐ Php 300 Buwanang sahod ay PhP18,000 pababa
- ☐ Php 100 Mag-aaral sa kolehiyo
- ☐ Php 50 Mag-aaral sa Elementarya/High School, estudyanteng nagtratrabaho o may buwanang sahod na minimum wage pababa

Maaring magbayad ng membership fee o magbigay ng donasyon sa pamamagitan ng:

- ☐ pagdeposito sa AIPh BPI Savings account: 3323-2667-77
  (I-fax ang deposit slip sa Tel. 927 6008)
- ☐ tsekeng nakapangalan sa Amnesty International Philippines Foundation, Inc.

Magpapadala ang AIPh ng resibo bilang katibayan ng iyong kabayaran

Nais kong makatanggap ng membership mailing sa:

- ☐ Bahay
- ☐ Paaralan/Trabaho
- ☐ iba pang adres .....

Amnesty International Philippines

TIBAKPACK

Bagong Edisyon 2009

Isinulat nina:
Mei Orias
Jepie Papa
Wilnor Papa

Sa pamamatnugot ni:
Aurora Corazon A. Parong M.D.

Disenyo ni:
Mei Orias

Amnesty International Philippines
18 A Marunong Street, Barangay Central,
Quezon City, 1100 Philippines
T: 63 2 433 8100
F: 63 2 927 6008
section@amnesty.org.ph
www.amnesty.org.ph